


ZION MINISTRIES

# PINANAULI UPANG MAGLINGKOD

- PAGBABAWAS BAGO PAGGAWA
- WALA NA SA ILALIM NG KAUTUSAN KUNDI NASA ILALIM NA NG BIYAYA
- ANG PINAKADAKILANG MAMUMUTOL NG DIAMANTE

# PINANAULI UPANG MAGLINGKOD

**ni Dr. Brian Bailey**

Ang Diyos ay naglagay ng pasanin sa aking puso na ang Kanyang mga anak ay magtagumpay sa mga darating na araw ng kaguluhan. Tayo ay binalaan ni Cristo sa Mateo 24:12 na dahil ang kasalanan ay lalaganap sa mga huling araw, ang pag-ibig ng marami ay manlalamig. Kaya nga't naramdaman ko ang pangangailangan na isulat ito upang bilang mga anak ng Diyos, tayo ay mahugasan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga utos mula sa lahat ng karumihan ng laman. Ang aking dalangin ay sariwa ninyong maranasan ang naglilinis na kapangyarihan ng Salita ng Diyos upang gawin kayong higit pa sa mga mananagumpay habang kayo ay nagbabasa.

Sa pag-aaral nito mula sa buhay ni David ay ating titingnan ang paksang "Pinanauli Upang Maglingkod." Kukunin natin ito mula sa kanyang pagkakasala kasama si Batsheba at sa mga huling taon niya pagkatapos na ang kanyang pagsisisi ay gamitin ng Diyos para dalhin siya sa lubos na pananauli at nagpapatuloy na ministeryo.

**Ang Kasalanan sa Buhay ng Isang Tagapanguna**

Ang kaseryosohan ng kasalanan sa buhay ng isang tagapanguna ay hindi matatawaran. Kapag pinag-aralan ng sinuman ang mga handog pangkasalanan sa aklat ng Levitico, masusumpungan natin sa kabanatang 4 na kung ang saserdote ay magkasala, siya ay maghahandog ng isang batang toro bilang handog pangkasalanan. Ito ay mahal at pinakamataas na handog. Ito ay katulad ng handog pangkasalanan para sa buong kongregasyon ng Israel na makikita sa Levitico 4:13-21. Ngunit Kapag ang isang tao ay magkasala ang handog ay lubhang mababa lamang – isang babaeng kambing. Ang punto na nais kong isiwalat dito ay kahit na sa kautusan ayon sa Levitico ang Diyos ay nagbibigay ng nakamamanghang babala tungkol sa kasalanan ng mga nangunguna. Kaya nga nang si David, ang pinahiran ng Israel, ay nagkasala, ito ay katumbas na ang buong kongregasyon ay nagkasala.

Ngayon, kapag tiningnan natin ang mga sanhi ng kasalanan ni David, kailangan nating maunawaan na ang pag-iingat ay higit na mabuti kaysa sa paggagamot. Kung minsan kapag nakikita natin ang mga sanhi ng kalasanan ito ay magsisilbing paalala at babala sa atin.

**Mga Sanhi ng Kasalanan ni David**

Una sa lahat, kahit pa na si David ay isang lalaki na ayon sa puso ng Diyos, sa kalooban niya ay mayroong kahinaan tungo sa moral na karumihan. Ang imoralidad ay nasa linya ng kanyang mga ninuno. Si Juda ay imoral, (Genesis 38); si Rahab ay isang babaeng upahan (Josue 2:1); at mayroong mga iba pa. Siya ay may nahahating puso sa larangan ng mga babae, at ang kahinaang ito ay hindi lubos na naingatan. Pagkatapos niyang magkasala, siya ay humingi ng isang pusong buo mula sa Diyos upang siya ay magkaroon ng takot sa Panginoon sapagkat lubha siyang kulang sa larangang ito (Awit 86:11).

Binigyan ako ng Diyos ng isang pangitain nang ako ay nagsasalita sa pagtitipon ng Women's Aglow sa New Zealand maraming taon na ang nakalipas. Sa pangitaing ito, nakita ko ang mga puso mula sa tatlong henerasyon: isang lola, isang ina, at isang anak na babae. Ang lola ay mayroong isang

maliit na damo sa kanyang puso, kung saan sinabi ng Panginoon sa akin ang isang espesipikong pagkagapos sa kanyang buhay. Ipinasa niya ang damong iyon sa kanyang anak na babae, at sa kanyang anak na babae ito ay naging isang matibay na mababang punong kahoy. Ipinasa naman ng kanyang anak ang pagkagapos na ito sa kanyang anak na babae. Gayunman, sa puntong ito, hindi na lamang ito isang damo o mababang punong kahoy kundi isa nang malaking puno sa puso ng kanyang anak na babae. Kaya ang problema ng lola na naipasa niya sa kanyang anak na babae ay naipasa rin sa kanyang apo dahil hindi pinayagan ng lola at ina na alisin ito ng Diyos.

Alam ninyo, ang ilang dahilan kung bakit tayo ay ganito, pati na ang ilang mga pakikibaka na mayroon tayo sa ating buhay, ay hindi dahil sa ating mga sariling kasalanan kundi dahil sa mga pagkagapos na naipasa sa atin mula sa ating mga ninuno. Kailangan natin ng kapahayagan mula sa Diyos patungkol dito. Dapat nating maintindihan na malibang harapin natin ang mga isyu sa ating puso, ay ipapasa natin ang mga ito sa ating mga natural at espiritwal na mga anak, at ang mga isyung ito ay maaaring maging higit na malakas sa kanilang mga buhay. Kung atin lamang mauunawaan ay hindi natin kailangang ipasa ang ating masamang kalikasan sa susunod na henerasyon. Maaari tayong dumulog sa Diyos at ilagay ang palakol sa ugat at pabagsakin ang punong 'yon.

Ang ikalawang dahilan ay tahasang nilabag ni David ang kautusan para sa mga hari. Sa Deut. 17:17, binalaan ng Diyos ang mga hari, "Hindi siya dapat mag-asawa ng marami at baka siya makalimot kay Yahweh; ni hindi siya dapat magpayaman sa panahon ng paghahari." Ngunit ating mababasa sa 2 Samuel 5:13 na "Paglipat niya sa Jerusalem buhat sa Hebron, siya ay kumuha pa ng maraming asawa at asawang-lingkod. Nadagdagan pa ang kanyang mga anak." Hindi sinunod ni David ang kautusang ito para sa mga hari kaya nga sa bahaging ito ng kanyang buhay ay wala siyang proteksyon mula sa Panginoon. Tayo ay mayroong proteksyon na nagmumula sa Diyos sa mga bahagi ng ating buhay na may pagsisikap tayong sumunod, subalit sa ibang bahagi na ang Diyos ay binabalewala o tinatanggihan, ang bakod ng proteksyon na nakapalibot sa atin ay guguho dahil sa pagsuway.

Ikatlo, si David ay naging mapagpabaya at tiwala sa sarili. Siya ay nakaranas ng sunod sunod na hindi pangkaraniwang tagumpay laban sa mabangis at malakas na mga kaaway bago siya mahulog sa kasalanan. Sa 2 Samuel kabanatang 8 ay ginapi niya ang Filistia sa gawing kanluran ng kanyang hantungan at pagkatapos ay ang Moab sa gawing silangan. Sumunod naman ay nilabanan niya ang mga Siriano sa Norte at pinalawak ang hantungan ng Israel patungo sa Ilog ng Eufrates. Makikita natin na si David ay naging bantog, ngunit lubos ding nagtiwala sa sarili na nakalimutan na niyang mamuhay sa Espiritu sa mahalagang yugtong ito ng kanyang buhay at siya ay nakarating sa isang dako na kung saan siya ay nakalantad sa tukso.

Si David ay nakarating sa isang nakapangangambang kalagayan. Siya ay lubhang naging tiwala sa sarili at hindi na niya inisip pang humayo sa digmaan.


2 **Pinanauli Upang Maglingkod**
ni Dr. Brian Bailey

9 **Pagbabawas Bago Paggawa**
ni Daniel Gazaway

14 **Wala na sa Ilalim ng Kautusan kundi Nasa Ilalim ng Biyaya**
ni Norman Holmes

20 **Ang Pinakadakilang Mamumutol ng Diamante**
ni Audrey Bailey



ZION MINISTRIES

Magasin • Isyu 22

Ipinalimbag ni: Norman at Linda Holmes
Isinalin ni: Edwin Abisado
Likhang Sining ni: Carlo Aguilar
Iniayos ni: Keem Corbe

Ang ZION MINISTRIES ay isang non-sectarian parachurch ministry na ibinangon ng Panginoon upang tumulong maghanda at magbigay kagamitan sa mga tinawag sa Cristianong pamumuno. Sa layuning ito, ay inihahandog namin sa inyo ang magasin na ito.



P.O. Box 161, Q-Plaza, 1900, Cainta, Rizal • Tel. #: (02) 880-4558 / 0917-538-2697• www.zionph.com • info@zionph.com

Siya ay nanatili sa palasyo sa panahong dapat siya ay nasa larangan ng labanan (tingnan sa 2 Samuel 11:1), at dahil hindi siya humayo, inilantad niya ang kanyang sarili sa tukso. Wala siya sa tamang lugar, at ganun din ang kanyang mga mata. Sa sandaling ito ay nakita niya si Batsheba, ang asawa ni Urias na naliligo. Pinagnasaan niya siya at nagkasala ng pangangalunya, bagaman lubos niyang batid na siya ay asawa ng isa sa kanyang mga kawal.

Una pa rito, sa 2 Samuel 7:17, si Haring David ay biniyayaan ng pribilehiyong maupo sa harapan ng Kaban ng Tipan sa mismong presensya ng Panginoon. Ito ay isang nakababahalang sitwasyon dahil kung kailan pa si David ay tila nasa halos pinakataas na ng kanyang buhay espiritwal ay doon pa siya bumagsak. Ito ang lubhang inaalala ko, hindi tayo nakasisiguro na dahil nasa taas na tayo ay hindi na tayo kailanman babagsak.

Ito ang dahilan kung bakit kailangan nating mag-ingat. Kung tayo ay sadyang sumusuway sa isang bahagi, hindi tayo maiingatan ng Diyos sa bahaging 'yon. Ang bunga nito ay babagsak tayo.

Bago ang pagbagsak, laging mayroong babala na mula sa Diyos. Sinabi ng asawa ko isang araw, "Ang taong iyon ay kahuhulog pa lamang sa kasalanan." Itinuwid siya ng Diyos at sinabi sa kanya, "Walang sinoman ang basta na lamang nahuhulog sa kasalanan. Binabalaan ko ang aking mga anak sa iba't-ibang paraan, ngunit kung sa kabila nitong mga paalalang ito ay pipiliin pa rin ng aking mga anak na balewalain ang mga ito. Sila ay mahuhulog sa kasalanan".

Anong kaibahan ni David na makikita natin sa sandaling ito mula sa 2 Samuel 5:19 nang siya ay lumaban sa mga Filisteo at sumangguni sa Panginoon ng, "Panginoon ano ang gagawin ko?" Dati, mayroon siyang kababang-loob na nag-ingat sa kanya.

Kung siya lamang ay tumawag sa pagkakataong ito, "Panginoon ako ba ay tutungo sa digmaan o hindi ako tutungo," nagawa sanang magsalita ng Diyos kay David at sinabing, "David, magtungo ka sa digmaan" at siya ay naingatan sana mula sa tukso. Dapat tayong magtanong sa Panginoon, "Saan ako dapat lumakad sa araw na ito?" Minsan, ang isang kaibigan kong pastor ay gustong pumunta sa Las Vegas upang mangaral sa isang iglesya doon. Gayunman, sinabi ng Panginoon, "Hindi ko nais na magpunta ka doon" at ang aking kaibigan ay sumunod. Hindi siya nagpunta sa Las Vegas, at naingatan tuloy ang kadalisayan ng kanyang pag-iisip na narumihan sana sa mga bagay na nakita niya sa lunsod na iyon.

Gaano kahalaga na maunawaan na ang isa ay maaaring isang mataas na Cristianong lider (o tagapanguna) ngunit marumi. Marami na ang narinig ko tungkol sa mga umangat sa pagkakakilala sa mga relihiyosong organisasyon, politika, at iba pang larangan ng buhay, na nawala ang lahat ng kanilang natamo. Ang isang dahilan ay dahil sa nang sila ay umangat sa mataas na posisyon, ay nabigo silang kontrolin ang kanilang mga hangganan na iniisip nilang hindi na nila kailangang sundin ang mga bagay na kailangang sundin ng mga nakabababang mga tao.

Kailangan nating maging lubhang maingat na kapag nararanasan natin ang Diyos at tayo ay Kanyang pinagpapala na hindi tayo nagtitiwala sa sarili nating mga nagawa o abilidad. Hindi natin dapat pabayaan ang ating mga puso na magmalaki dahil sa mga nagawa ng Diyos para at sa pamamagitan natin. Naroon lagi ang panganib na kapag ang isa ay pinagpala ng Diyos na siya ay sumasandal sa pagpapalang 'yon at sa kanyang sariling kalakasan. Minsang pinuna ni Abraham Lincoln na, "Halos lahat ng tao ay kakayanin ang kahirapan, subalit kung nais mong subukin ang karakter ng isang tao, bigyan mo siya ng kapangyarihan." Ako'y naniniwalang tama siya. Hindi talaga natin makikilala ang isang tao sa kahirapan, subalit ang kanilang puso ay nahahayag kapag sila ay umangat na sa posisyon ng kapangyarihan at pagkatiwala.

Ikaapat, si David ay mayroong ugali na anoman ang kanyang ginugusto ay kinukuha niya. Makikita mo rin ito sa buhay ni Solomon na bagama't siya ay pinagkalooban ng karunungan sa maraming larangan ng kanyang buhay, nanatili pa rin niyang problemang ito. Sa Mangangaral 2:10 ay

sinabi ni Solomon na, "Wala akong ginustong hindi ko nakuha. Ginagawa ko ang lahat ng aking magustuhan..." Kapag nakita ni Solomon, ginugusto niya at kinukuha niya ito, at ang kanyang hindi disiplinadong pagnanasa ang nagdiskwalipika sa kanya.

At ito ang dahilan kaya binibigyang-diin ni Apostol Pablo na ang kabanalan kasama ang pagiging kontento ay isang malaking kapakinabangan. Ang hindi mga binanal na pagnanasa ay nagiging kasakiman, at sa huli ang ating buhay ay nauuwi sa kamunduhan at pagkagapos kapag tayo ay nahumaling sa mga bagay na walang kapakinabangan. Kaya nga, mayroong isang magandang panalangin sa Kawikaan 30:8-9. Sinabi niya, "Huwag akong hayaang maging sinungaling. Huwag mo akong payamanin o paghirapin. Sapat na pagkain lamang ang ibigay mo sa akin. Baka kung managana ako ay masabi kong hindi na kita kailangan. Baka naman kung maghirap ako'y matutong magnakaw, at pangalan mo'y malapastangan." Batid mo ang naging asal ni Judas. Sinabi niya sa mga saserdote, "Ano ang ibibigay ninyo sa akin." Hindi niya hinarap ang mga pagnanasang 'yon at nang magkagayon ang mga pagnanasang 'yon ang lumunok sa kanya para ipagkanulo ang Panginoon.

**Mayroon laging parusa sa bawat kasalanan at minsa'y kailangan nating maunawaan na maaari tayong mamili kung tatanggapin natin ang parusa o hindi.**

### Ang Pagsisisi ni David

Nang simula ay sinikap ni David na pagtakpan ang kanyang kasalanan, subalit sa huli ay ipinahayag niya rin ang kanyang kasalanan pagkatapos ng mga buwan ng hirap ng kalooban at sumbat sa kanyang kalooban (tingnan sa 2 Samuel 11:6-27 at 12:1-13). Sa katunayan, ang mga Awit 32 at 38 ay nagmumungkahi na sa pamamagitan ng isang matinding sakit na kinilala ni David ang kanyang kasalanan. "Ako'y nilalagnat dahil sa iyong galit; dahil sa sala ko ako'y nagkasakit," Awit 38:3. "Sa araw at gabi, ako'y iyong pinarusahan, wala nang natirang lakas sa katawan, parang hamog na natuyo sa init ng tag-araw. Kaya't ang kasalanan ko'y aking inamin; mga pagkakamali ko'y hindi na inilihim," Awit 32:4-5.

Nang siya ay komprontahin ni Nathan tungkol sa kanyang kasalanan sa 2 Samuel 12:13, sinabi ni David, "Nagkasala ako kay Yahweh." 'Yan ang unang kailangan upang tumanggap ng paglilinis at pananauli – kailangan nating hayagang ipahayag at kilalanin na tayo ay nagkamali. Para kilalanin ang iyong pangangailangan ng paghuhugas at paglilinis ay isang gawa ng biyaya ng Diyos, sapagkat maraming tao ang nagsasabi na, "Hindi ko ito kailangan." Katulad ng sinasabi ng Kawikaan 30:12, "May mga taong nagmamalinis sa sarili, ngunit ang totoo'y walang kasindumi."

Isa sa mga problema kapag ang isang tao ay nagkasala, kadalasan ay nagiging matigas ang kanilang ulo at nagpapatuloy sa kasalanan. Ang isang panganib para sa maraming mga manggagawa at mga espiritwal na Cristiano na nahulog sa kasalanan ay iniisip nilang sila ay naiiba, na hindi sila malalantad o mapaparusahan. Gayunman, ang Diyos ay nagbababala na wala siyang itinatangi (tingnan sa Roma 2:11-12 at Efeso 6:9).

Ang Diyos ay mapagpahinuhod at may pasensyang palalampasin ang ating mga kasalanan sa isang panahon, minsan ay kahit pa ilang taon. Ngunit hindi dapat natin mapagkamalian ang pasensya ng Diyos sa atin bilang kanyang pagpapahintulot para sa kasalanan. Kilala ko ang isang mangangaral sa South Africa na paulit-ulit na nahuhulog sa imoralidad. Nang siya ay manalangin siya ay nakiusap, "Diyos, patawarin Mo ako!" Nakakagulat na ito ay ginawa ng Diyos muli at muli. Ito ay nagpatuloy ng ilang taon. Gayunman, dumating ang panahon na ipinahayag ng mangangaral na ito, "Kung ako ay nabubuhay sa kasalanan (na siya namang totoo), patayin ako ng Diyos." Pagkaraan ng dalawang araw ay namatay siya.

Dahil sa kasalanan ni David, mayroong hindi bababa sa 15 mga paghatol na dumating sa kanya. Ang bunga ng kasalanan ay tunay na seryoso. Tayo ay binabalaan ng Diyos na hindi Siya nagtatangi (tingnan sa Roma 2:11-12). Nagpapatawad man ang Diyos kapag tayo ay nagsisisi, pinapayagan pa rin niya na maranasan natin ang bunga ng ating kasalanan. Tayo ay umaani ng ating inihasik, Galacia 6:7-8.

Sa Levitico 26:41-42 ay mayroong isang interesanteng prinsipyo kapag ang kasalanan ay nagawa. "Kung sila'y magpakumbaba at pagsisihan ang kanilang mga kasalanan, aalalahanin ko ang aking kasunduan…" Kung tanggapin ng sinoman ang paghatol o parusa ng kasalanan ay aalahanin ng Diyos ang Kanyang mga pangako ayon sa Kanyang tipan. Kaya nga si Haring David ay tumawag sa Panginoon. "O Diyos, hatulan mo ako." Mayroon laging parusa sa bawat kasalanan at minsa'y kailangan nating maunawaan na maaari tayong mamili kung tatanggapin natin ang parusa o hindi. Pinakumbaba ni David ang kanyang sarili na tanggapin ang mga parusa na kanyang inani mula sa kalasanan na kanyang inihasik (tingnan sa 2 Samuel 12:19-20, 15:25-26, 16:9-12, 18:33, at Awit 51:4). Bilang tugon, inalala ng Diyos ang Kanyang mga pangako kay David ayon sa Kanyang tipan at tinupad ang lahat ng iyon.

Ang tunay na pagsisisi ay tumatanggap ng mga bunga ng kasalanan at sa katotohanan, ang mga ito ay nagiging pagpapala sa atin dahil natututunan nating kapootan ang kasalanan. Sinulat ni Haring David sa Awit 51:8 ang resulta ng paghatol na ito, "Sa galak at tuwa ako ay puspusin; butong nanghihina'y muling palakasin." Si David ay isang pastol na nakababatid na ang mga tupa'y lubhang matigas ang ulo at naliligaw sa maraming mga daang mapanganib dahil sa sariling kalooban. Ang mga rebeldeng tupa na ito ay dapat balian ng binti ng pastol upang mapanatili silang malapit sa kanya. Ang pagtratong ito ang nagiging dahilan para sila lumakad ng pilay kailanman, ngunit ang mahalagang bagay ay hindi na sila muli pang lalayo mula sa pastol. Sa ganito ring paraan, si David ay isa ring tupa na pinilay ng Panginoon, na hindi na muling lumayo pa sa Pastol.

### Ang Pananauli ni David

Yaong mga nahulog ay hindi kailangan na lubusan nang hindi makaabot sa pinakamataas ng Diyos. Ang Diyos ay mahusay sa pagpapanauli. Maaaring linisin at baguhin ng Diyos ang isang tao. Minsan ay ipinakita sa akin ng Panginoon ang pangitain ng dalawang plorera: ang isa ay malinis at ang isa naman ay talagang madumi. Sinabi ng Panginoon, "Ang tanging kailangan ng maruming plorera ay mahugasan, malinis, at mapatuyo at pagkatapos ang dalawang plorera ay magkapareho na. Pareho lang ang kanilang halaga." Sinabi din Niya, "Maaaring mahulog ang sinoman sa putik ng kasalanan, ngunit kapag iniaangat Ko na sila at nilinisan, sila ay kasing halaga na rin ng isa."

Bahagi ng pagpapanauli ni David ay ang kung ano ang idinalangin niya sa Awit 51:12, "Ang galak na dulot ng iyong pagliligtas, ibalik at ako po'y gawin mong tapat." Pinatotohanan niya ang katuparan nito sa Awit 4:7 kung saan niya sinabi, "Puso ko'y iyong pinuno ng lubos na kagalakan, higit pa sa pagkain at alak na inumin." Ang kagalakan na naranasan ni David pagkatapos ng kanyang pananauli ay higit kaysa sa kagalakan ng isang magsasaka sa panahon ng isang mabungang ani. Ang karanasan ng kagalakan na dulot ng tunay na pagpapatawad sa kanyang mga kasalanan ang nagtaguyod kay David sa lahat ng mga kahirapan at mga kaguluhan na kanyang inani bilang bunga ng kanyang matinding kabiguan. Maraming nakagawa ng malalim na kasalanan ay hindi nakakaabot sa ganitong dako kasama ang Diyos. Ang dahilan ay sapagkat hindi nila ibig ipahayag ang kanilang kasalanan o tanggapin ang kaparusahan ng Diyos. Gayunman, ang mga nakaranas ng tunay na pagsisisi at paglilinis ang siya ring makaaalam ng panibagong kagalakan ng kaligtasan ng Diyos.

Ang isa pang bunga ng pagkapanauli ni David ay sinalita niya sa Awit 51:13, "Kung magkagayon na, aking tuturuang sa iyo lumapit ang makasalanan." Mula sa dako ng lubos na pagkapanauli ay maaring manggaling ang mga ministeryo ng mga guro at mga ebanghelista. Ito ay nangyari sa buhay ni David. Sa darating na revival, nais na katagpuin ng Diyos ang mga taong galing sa balon ng kasalanan,

at gamitin tayo para dalhin sila sa kahanga-hangang pananauli sa kanilang mga buhay upang sila ay magkaroon ng mga malinis na puso at mga ministeryo na hihipo sa libo-libo pang iba.

**Ang Pagsasanay ni David kay Solomon**

Ang mga huling taon ng buhay ni David ay nagamit sa pagsasanay kay Solomon, kung paanong naunawaan niya ng itinalaga ng Diyos si Solomon na maging kahalili niya bilang isang hari. Ang unang 9 na kabanata ng aklat ng mga Kawikaan ay mga salawikain na ibinigay ni David kay Solomon sa mga unang taon ng kanyang buhay. Sila ay puno ng kamangha-manghang mga babala tungkol sa imoral na babae dahil alam ni David ang klase ng pagkatao at kahinaan ang ibinigay niya kay Solomon. Mahalaga na sa pagsasanay mo ng isang tao na alam mo ang kanilang mga kalakasan at mga kahinaan.

Sa 1 Cronica 28:7 ang Panginoon ay nagsalita kay David tungkol kay Solomon, "Patatatagin ko ang kanyang kaharian kung…" Ang mga salita ng propesiya at mga pangako ng Diyos ay laging mayroong mga kondisyon. Kadalasan ay inaangkin ng mga tao ang mga pangako ng Diyos at nakakalimutan ang mga kondisyon at pagkatapos sila ay nangagtataka kung bakit hindi natupad ang mga propesiya. Ito ang sinabi ng Diyos, "Patatatagin ko ang kanyang kaharian magpakailanman kung patuloy niyang susundin ang aking mga utos…"

Ang Diyos ay nagbibigay ng babala at nagsabi, "David, gagawin ko ang lahat ng itong idinalangin mo para kay Solomon kung siya ay susunod sa aking mga utos." Alam ng Diyos na sa puso ni Solomon ay magkakaroon ng mga ganitong tukso na mag-aalis sa kanya sa daan. At sa huli nga ng buhay ni Solomon ay naging taksil siya. Sa kasamaang-palad ay kailangan kong sabihin na sa pagsasanay ng mga tagapanguna ay mayroong magiging katulad ni Solomon na hindi makikinig sa matuwid na payo. Ako ay naniniwala na nais ng Panginoon na tayo ay tumawag sa Kanya, "O Panginoon, magsalita ka sa akin! Magsalita ka sa akin! Nais kong marinig kung ano ang sasabihin mo dahil nauunawaan ko na sila ang aking magiging gabay sa buong buhay ko."

May kilala akong asawa ng isang pastor sa isang bansa na nagsabi na laging ibinigay ng Diyos sa kanya ang talata na, "winawasak ng isang mangmang ang sariling tahanan," kaya nga ang sinabi ko sa kanya, "Kung ganon, higit na mabuti na makinig ka sa sinasabi ng Diyos." Pero alam mo ba kung ano ang nangyari pagkatapos niyon? Napabayaan niya ang kanyang asawa at ang kanyang asawa ay nahulog sa pangangalunya – at siya ay isa sa mga tagapanguna sa bansang iyon. Dapat mong gustuhin na makinig sa mga talatang ibinibigay sa iyo ng Diyos. Ang mga ito ang kaligtasan mo. Kapag inuulit-ulit ng Diyos ang mga bagay para sa iyong buhay, maglaan ka ng panahon kasama ang Diyos at sabihin mo, "O, Diyos, papasukin mo ang mga ito sa aking espiritu at hayaan mong ituwid ng mga salitang ito ang aking espiritu."

**Si David sa Milenyo**

Naging dakila ang naging pagpapanauli kay David kung kaya't siya ay bubuhaying muli at magiging hari sa Jerusalem sa panahon ng isanlibong paghahari ni Cristo sa lupa. Ilang mga kasulatan ang maliwanag na nagpapahayag na itatayo ng Panginoon si David bilang hari ng Israel sa milenyo. Pansinin ang mga sumusunod:

• "Sa halip, sila'y maglilingkod kay Yahweh na kanilang Diyos, at kay David na kanilang magiging hari," (Jeremias 30:9).

• "At ang aking lingkod na si David ay magiging hari sa kanila; at silang lahat ay magkakaroon ng isang pastor; magsisilakad din naman sila ng ayon sa aking mga kahatulan, at susundin ang aking mga palatuntunan, at isasagawa. At sila'y magsisitahan sa lupain na aking ibinigay kay Jacob na aking lingkod, na tinahanan ng inyong mga magulang; at sila'y magsisitahan doon, sila at ang kanilang mga anak, at ang mga anak ng kanilang mga anak, magpakailan man: at si David na aking lingkod ay magiging kanilang prinsipe magpakailan man," (Ezekiel 37:24-25).

• "Pagkatapos, magbabalik-loob sila kay Yahweh na kanilang Diyos at kay David na kanilang hari. Sa mga huling araw, nanginginig silang lalapit kay

Yahweh at malalasap nila ang kanyang kabutihan," (Hosea 3:5).

Si David ay natatanging kwalipikado na maglingkod sa mga Judio na nasa Israel sa Ikalawang Pagparito ng kanilang Mesias. Tayo ay sinabihan sa propesiya ni Zacarias na si Cristo ay bababa sa Bundok ng Olibo sa gawing silangan ng Jerusalem, at ililigtas ang mga Israelita mula sa mga bansa na nakikipagdigmaan sa kanila, Zec. 14:1-4. Kapag nakita na niya Siya nang malapitan, makikilala ang kanilang Mesias bilang si Cristo na kanilang ipinako habang sinasabi nila, "At sasabihin ng isa sa kaniya, Ano ang mga sugat na ito sa pagitan ng iyong mga bisig? Kung magkagayo'y siya'y sasagot, Iyan ang mga naging sugat ko sa bahay ng aking mga kaibigan, Zac. 13:6 (TAB). Pagkatapos ang kanilang pagkakagalakan ay mapapalitan ng pananangis, "Ang lahi ni David at ang mga taga-Jerusalem ay gagawin kong mahahabagin at mapanalanginin. Sa gayon, kapag pinagmasdan nila ang kanilang sinaksak ng sibat ay tatangisan nila itong parang kaisa-isang anak o anak na panganay," Zac. 12:10.

Sa panahong ito magiging natatanging kwalipikado si Haring David na dalhin sa pagkapanauli ang nananangis na bansa. Siya na pumatay sa matuwid na si Urias para mapagtakpan ang kanyang kasalanan kasama si Bathsheba ay magkakaroon ng kakayanang maglilingkod ng pagkapanauli at kaaliwan sa tumatangis na bansa kapag napagtanto nila na sila ang responsable sa pagpatay sa walang-salang Mesias doon sa krus ng Kalbaryo. Ang kasalanan ni David at ang kasalanan ng bansang Israel ay maaaring maihambing, at ang hari na ititindig para sa kanila ng Panginoon ang siyang magdadala sa kanila ng pakikipagkasundo. Siya na nakaranas ng pagkapanauli mula sa kanyang mga kasalanan at sumigaw ng, "Iligtas mo ako sa salang pagbububo ng dugo, Oh Dios, ikaw na Dios ng aking kaligtasan; at ang aking dila ay aawit ng malakas tungkol sa iyong katuwiran," Awit 51:14 (TAB), ang siya ring aaliw at mangunguna sa panahon ng matinding kalungkutan at pananangis patungo sa isang tamang relasyon sa Panginoon. Kung minsan ang pinakamainam na tao na umabot sa iba ay yung nanggaling din sa kaparehong balon na kung saan sila ay naroroon ngayon.

Marami sa atin ay ganito tayo ihahanda ng Panginoon: Ipapakita niya ang ilang mga bagay sa ating buhay. Pagkatapos kapag naipakita niya ang ating mga pangangailangan, kailangan nating aminin ang mga ito na nagsasabi, "Opo Panginoon, inaamin kong kailangan itong mahugasan sa aking buhay." Habang inaamin mo sila, kung magkagayon, sa biyaya ng Panginoon ikaw ay mahuhugasan at malilinis. Marahil ay magkakaroon ng mga paghatol upang tayo ay linisin at basagin, Hebreo 12:6. Ngunit kung nakalaan tayong tanggapin ang paghatol na pipiliin ng Diyos para sa kasalanang 'yon tayo ay ibabangon ng Diyos at papanauliin. Marahil ang ating kasalanan ay hindi imoralidad na katulad ng kay David, maaaring ito ay tungkol sa pananananalapi o ibang paraan nang pamumuhay. Hindi tayo maaaring magkaroon ng dobleng pamantayan. Hindi ito papayagan ng Diyos. Hayaan nating tayo ay mga nagsasabi ng, "O Panginoon, kinikilala ko ang aking kasalanan. Linisin mo ako, hugasan mo ako!" Ginawa Niya ito para kay David, at kung hihilingin natin sa Kanya, gagawin din ng Diyos ito para sa atin.

*Isinulat ng yumaong Rev. Brian Bailey (1925-2012) na dating presidente ng Zion Fellowship at Zion Christian University. Sa loob ng 60 taon tumulong siyang maghatid ng pagbabago at pagbabagong-buhay sa maraming mga bansa sa pamamagitan ng kanyang pangunguna sa maraming mga organisasyon, na naglingkod sa higit na 100 mga bansa at nagsulat ng higit sa 65 mga aklat.*


ZION

***IKAW BA AY TINAWAG SA MINISTERYO?***

NAIS MO BANG LUMAGO NG MALAKAS SA SALITA NG DIYOS AT SA PAGPAPAHID?

Zion Ministerial Institute

*tumatanggap ng mga bagong mag-aaral tuwing Hulyo at Nobyembre*

**tingnan ang aming website sa www.zionph.com at makipagbigay alam sa amin sa: (02) 880-4558 / 0917-538-2697 / info@zionph.com**

# Pagbabawas bago Pagbabago



ni Daniel Gazaway

Pinasasalamatan ko ang katotohanan na ang Diyos ay nagbibigay ng mga pangalawang pagkakataon. Nais Niya na magawa natin ito. Siya ang namamagitan para sa atin, itinataas at tinutulungan tayo kahit hindi tayo karapat-dapat dito dahil iniibig niya tayo at siya ay mayroong mana para sa atin. Dapat ay maging mapagpasalamat tayo sa katotohanan na tayo ay talaga namang wala maliban na ang Diyos ay gumawa para sa atin.

Ang Diyos ay nagsalita sa akin at nagsabi, "Alam mo ikaw ay nagsusuot ng hearing aids dahil nahihirapan kang makarinig. Marami sa aking bayan ang nagsusuot ng espiritwal na hearing aids dahil nahihirapan silang makarinig, at kailangan nilang makarinig nang higit sa minsan lang."

Kaya't ako ay magbabahagi sa inyo ng isang bagay na narinig na ninyo noon mula sa Hebreo kabanata 12:1-2 sa paksa ng "Pagbabawas Bago Paggawa." "Kaya nga...talikuran natin ang kasalanan at ang anumang balakid na pumipigil sa atin. Buong tiyaga tayong tumakbo sa paligsahang ating sinalihan. Ituon natin ang ating paningin kay Jesus..." Titingnan natin ito sa tatlong puntos: ang una ay Pagkatago, ang ikalawa ay Pagkaakit, at ang pangatlo ay Paliitin at Palakihin.

**1. Pagkatago**

Kamakailan lamang ay naglagay kami ng bakod sa bahay ng aking assistant pastor. Para gawin 'yon, may ilang malalaking tuod ng puno sa lugar na dapat tanggalin mula sa lupa. May isang tuyong puno na siguro ay higit sa sandaang taon nang naroon. Napakalaki nito. Kaya, hiniling namin sa ilang kabataang mag-aaral na tumulong na maghukay palibot sa mga ugat ng puno at ang mga kabataang lalaki ay nagsikuha ng piko at sila ay naghukay ng may isang metro at pinutol lahat ng makikitang ugat. Malalaki ang mga ito na nagmumula sa tuyong puno. Nagpasya sila na kukuha sila ng kadena at ilalagay palibot sa tuod, at idudugtong nila sa four-wheel drive na trak at hihilain ang tuyong puno. Hindi man lamang ito nakilos at nanatiling naroon.

Kaya, sinubukan naman nila ang isa pang paraan. Sila ay kumuha ng backhoe at nagpasimulang gamitin ito na sinisikap na ugain ang tuyong puno ng paroon at parito para alisin subalit hindi man lang ito nakilos. Kinailangan naming gumamit ng isang anim na toneladang winch para ito ay hilahin paroon at parito nang nalagot ang kadena. Kaya nga, ito ay hindi isang maliit na tuyong puno. Ito ay malaki.

Ngunit mayroong isang bagay tungkol sa tuyong puno na sinalita sa akin ng Panginoon. Sinabi Niya na ang tuyong puno na ito ay kumakatawan sa maraming mga masamang espiritu na dapat maalis, kaya sinabi ko, "Gusto kong maalis 'yan." Gusto ko siyang maalis dahil ito ay kumakatawan sa isang bagay na espiritwal kung kaya't sila ay nagpatuloy na magtrabaho nang maraming oras hanggang nagawa nilang ito ay kilusin.

Sa huli ang mga kabataan ay sumigla at hinila nilang muli ng kadena na nakarugtong sa four-wheel drive na trak. Inaasahan ko na malalagot din ang kadena subalit hindi ito nangyari at sa huli ay nabunot din nila ang tuyong puno. Nang kanilang maialis na ang

malaking tuyong puno na ito mula sa lupa, nakita ko kung ano ang nangyayari. Lahat ng lumang ugat ay naputol na ngunit ang hindi namin nakikita dahil ito ay nakatago sa ilalim ng tuyong puno ay ang mga bagong ugat na tumutubo. Ang nangyari ay nang putulin ang puno ilang taon na ang nakalipas ito ay gumawa ng mga bagong ugat. Buhol-buhol ang mga ugat nito. Ang tuyong puno ay hindi nakilos hanggang hindi ginamitan ng matinding pwersa.

Nagsalita sa akin ang Diyos tungkol dito at nais kong ibahagi ang puntong ito tungkol sa pagkatago. Sa buhay ng isang tao, maari na parang ang mga lumang ugat ng kasalanan ay naputol na, ngunit sa ilalim ay naroon ang buhol-buhol na mga ugat na nakatago.

Mangangailangan ng pagkilos ng Banal na Espiritu para ito ay ipakita sa atin. Kaya nga ang nangyayari ay ipinakita sa atin ng Banal na Espiritu ang mga ugat na dapat maalis at sinasabi Niya, "Sinabi ko sa iyo na alisin mo ito."

Kailangan nating bigyan ng pansin kapag inilagay ng Diyos ang Kanyang liwanag sa nakatago nang mahabang mga taon. Kailangan nating matamang makinig dahil ang Salita ng Diyos ay umaalingawngaw sa ating konsyensya at nagsasabi, "Ito ang nais kong maalis."

Nais ng ating Ama sa langit na tulungan tayo na liwanagan ang mga nakatagong sitwasyon at ang hinihingi Niyang gawin natin ay tumugon. Sinabi ito ng Diyos sa akin – mayroon tayong mga bagay na itinago natin sa ating mga puso. Unti-unti ang mga ito ay tumutubo sa paglipas ng mga taon.

Ninasa natin na mabunot sila at nang sinubukan nating alisin sila sa pamamagitan ng ating sariling kalakasan tayo ay napagod at sumuko na. Nagkaroon tayo ng kaguluhan sa ating mga puso dahil sa pagkatagong ito. Ngunit katulad lamang na kinailangan namin ang higit na malaking kagamitan para alisin ang tuyong puno, ngayon, sa tamang panahon ng Ama sa langit, Siya ay lumalapit sa bawat isa sa atin, itinatapat ang Kanyang liwanag at nagsasabi, "Ipinapakita ko sa iyo kung ano ang nandiyan at Ako ang siyang makapag-aalis nito." Ito nga ay maaalis ng Espiritu ng Diyos! Sa espiritu ako ay lubos na nagpapasalamat na sinasabi ng Diyos, "Sinabi ko na, na alisin mo 'yan." Bahagi ng pag-ibig ng Diyos na ipakita sa atin ang mga maling bagay na minsan ay nananatili sa ating mga puso sa loob ng maraming mga taon.

### 2. Pagkaakit

Sinasabi ng Job 14:7-9 tungkol sa isang puno na naputol na, "Kahoy na pinutol ay may pag-asa, muli itong tutubo at magsasanga. Kahit pa ang ugat nito ay matanda na, at mamatay ang puno sa kinatatamnan niya, ngunit ito'y nag-uusbong kapag diniligan, ito'y magsasanga tulad ng batang halaman."

Kahit na ang puno ay naputol na ito ay nakakaakit pa rin ng tubig. Ang tubig ay pwedeng malinis o hindi; ang mga ugat ay tutubo sa alin man. Minsan walang nakakaalam na sa loob natin ay naroon ang mga maling pagkaakit katulad ng mga nakatagong ugat ngunit alam ng Diyos ang tungkol sa mga ito.

Ang sinuman ay titingin sa atin at magsasabi, "Mabuti, hindi sila umiinom, hindi sila nagsisigarilyo, mayroon silang mabuting Cristianong pamantayan na kumikilos sa kanilang buhay," ngunit sa loob ng ating puso ay ang pagkaakit sa maruming tubig



at tayo'y nakikipagbaka sa mga pagkaakit na ito. Kailangan na tayo ay magpasya na hanapin natin alin man sa dalawa, ang purong daluyan ng buhay o pababayaan natin na tayo ay tumanggap ng hindi purong tubig. Kailangang malaman natin kung ano ang nakakaakit sa atin.

Nais ng Diyos na maunawaan natin na Siya ang Tagapagpalaya. Siya ang ating Makalangit na Ama na nag-aalok ng lahat ng kailangan natin upang tayo ay magkaroon ng malinaw na espiritu na hahayaang dumaloy ang Banal na Espiritu sa atin. Lahat tayo ay nagnanasa na dumaloy ang ilog ng Diyos sa atin subalit nais ng Diyos na malaman natin na hindi Siya interesado sa may halo.

**Magkakaroon ng sapat na bilang ng mga nag-aani para sa aanihin. Ito ang dahilan kung bakit pinaliliwanag ng Diyos ang Kanyang ilaw sa mga bagay na nakatago sa ating mga puso upang tayo ay maging mga taga-ani.**

Nais kong tingnan ang pagkaakit sa Salita ng Diyos mula sa Awit ni Solomon 5:2-6, "Kahit na nga sa pangarap kung ako ay natutulog, naririnig ang mahal ko, sa pintua'y kumakatok." Ako'y iyong papasukin, aking mahal, aking sinta, na tulad ng kalapati, ubod linis at maganda, basang-basa ang ulo ko nitong hamog sa umaga." Muli pa bang magbibihis, gayong ako'y naghubad na? Akin bang dudumhan muli, nahugasan nang mga paa? Nang hawakan ng mahal ko ang susian nitong pinto, damdamin ko ay sumigla, lumundag ang aking puso. Ako ay bumangon upang siya ay pagbuksan, binasa ko ng mira itong aking mga kamay, at ako ay lumapit sa pinto ng aming bahay. Ngunit nang siya'y pagbuksan ko, hindi ko na inabutan. Hinanap ko nang hinanap ngunit hindi natagpuan. Sa laki ng pananabik na tinig niya'y mapakinggan, tinawag ko nang tinawag ngunit walang kasagutan."

Ang tinig ng Panginoon ay nakakaakit ng matindi. Ang tinig ng Panginoon ay maaaring dumating sa atin sa bahay, sa trabaho, at sa bahay-sambahan, saan mang dako. Gustong-gusto ko ang tinig ng Panginoon. Ang tanging sandali na ayaw ko ang tinig ng Panginoon ay kapag mayroon akong ginagawa na hindi ko dapat ginagawa. Pagka ganuon ay nagiging, "Panginoon, gusto ko ay dumating ka sa mas magandang oras, kapag ako ay nasa ibabaw ng bundok, hindi kapag ako ay bumubulong o nagrereklamo."

Ang sitwasyong ito sa Awit ni Solomon ay tumutukoy sa isang tao na nakakaalam ng tinig ng Panginoon. Alam nila kung paano maakit sa Diyos sa espiritu. Ngunit ang nangyari sa sitwasyon dito sa Awit ni Solomon ang babae ay nagsasabi na, "Matutulog ako." Maaaring dumating ang mga panahon sa ating buhay na tayo ay nananatili sa sariling kasiyahan at sa espiritwal tayo ay natutulog. Pwede nating sabihin, "Salamat Panginoon, kinikilala ko ang lahat nang ginawa Mo na para sa akin. Naging mabuti ang lahat ng panahon. Alam Mo Panginoon na ibinigay ko na ang aking buhay sa Iyo. Ngunit kahit na mayroong mga mali sa ilang bahagi ng aking buhay, nasisiyahan na ako kung saan ako naroon, hindi ko na kailangang magpatuloy pa."

Kaya nga, tayo ay espiritwal na natutulog. Pagkatapos ay dumarating ang tinig ng Minamahal, ang tinig na ating Minamahal – subalit tayo ay inaantok; mayroong tayong mga pagdadahilan, tayo ay nasisiyahan na, ayos lang tayo sa ating pangkasalukuyang kalagayan.

Nawa ay tulungan tayo ng Diyos na makarinig kung ano ang sinasabi ng Espiritu ng Diyos. Ang ating Makalangit na Ama ay nagnanais na tayo ay magpatuloy upang magkaroon ng pagpapatuloy ang ating espiritwal na paglago upang tayo ay maging ganap.

Siya ay dumarating sa pana-panahon sa atin upang siyasatin ang ating tugon. Natutunan ko ang isang

bagay, hindi binubuksan ng Diyos ang pintuan sa ating mga damdamin, kailangan tayo ang humarap sa mga ito. Mayroon tayong mga nararamdaman kung minsan na walang nakakaalam kundi ang Diyos. Mayroon tayong problema sa mga tao, may problema tayo sa mga naglilingkod sa iglesya, may mga problema tayo sa ating sarili, maaaring magkaproblema sa lahat ng dako. Minsan ay mayroon tayong mga pagdadahilan na magandang pakinggan para sa mga problemang ito ngunit hindi nakikinig ang Diyos sa ating mga pagdadahilan, kaya kailangan nating ibigay sa Kanya ang tugon ng ating puso. Sa mga pangakong ito ang tinig ng Panginoon ay dumadating at nagpapahayag ng Kanyang presensya at iniiwanan Niya tayo ng pagpapala. Subalit narito ang dapat nating maunawaan, hindi tayo dapat na maakit sa mga pagpapala lamang, tayo ay marapat na maakit sa Diyos. Kung minsan, ang gusto lamang natin ay pagpapala, ngunit mag-ingat tayo mga kaibigan, ang mensahe ay dapat tayong maakit kay Cristo. Ang layunin ay ang mapagwagihan natin si Cristo.

Kailangan nating lampasan ang tabing patungo sa kabanal-banalang dako. Si Cristo ang siyang may ibig na magtamo ng pansin na nararapat sa Kanya. Subalit sinasabi Niya na mayroong isang bagay sa puso na nais Niyang maalis muna upang ang ilog ng Diyos ay dumaloy. Bigyan ng pansin kung saan ka naaakit. Ngayon, gusto kong tingnan ang pangatlong punto.

**3. Paliitin at Palakihin**

Ilang taon na ang nakakalipas ako ay namimitas ng bunga sa taas ng puno, at nakatodo ang extension ladder nang may 7 1/2 metro. Gusto kong siguruhin na hindi ako mahuhulog mula sa hagdan kaya tinodo ko ang hagdan para isandal sa taas ng puno upang hindi ako mahulog. Ang pinakamainam na bunga ay nasa kataasan ng puno at binabalak kong pitasin 'yon.

Kaya lang habang umaakyat ako sa hagdan umiba ito ng posisyon at nang nagsimulang umuga ang hagdan ay sinabi ko, "Hindi bale, hahawak na lang ako sa isang sanga kung sakali man na mahulog ako." Pero wala na akong pagkakataon na humablot pa ng sanga. Bumagsak ang aluminyo na hagdan mula sa taas na 6 na metro at ako'y bumagsak sa ibabaw nito. Para akong pinatumba sa suntok ng isang tao at nakadama ako ng matinding sakit. Nasaktan ang buo kong katawan at tumama ang ulo ko at ang pinakamatindi ay nasaktan ang puso ko. Nakuha kong tumayo at pumasok sa bahay. Nang lumabas ang asawa ko sa silid ay nakita niya akong umuungol at duguan. Sabi niya, "Anong nangyari sa 'yo?"

Taga New Hamspshire ako at may ugali kami na maliitin ang mga nararamdaman naming sakit. "Ayos lang ako," sabi ko. Sumagot siya, "Tatawag ako ng doktor para matingnan ka." Sinabi ko, "Hindi, h'wag kang tumawag ng doktor, ayos lang ako. Kumuha ka na lang ng pang benda, ilagay mo at magiging maayos na ako."

May sugat ako na parang butas sa binti na sagad sa buto at hanggang ngayon ay nandoon pa rin ang butas dahil tumanggi ako na ipatahi 'yon ng maayos. Minaliit ko ang nangyari! Ang anak kong babae na si Rona ay dumating at sinabi, "Dad tatawagan ko ang 911." Sinabi ko, "Rona pwede ba hindi pa ako mamamatay, h'wag mong gawin 'yon."

Dapat ay pinalaki ko ang nangyari dahil talaga namang nasaktan ako, pero dahil minaliit ko ito, mayroon ako ngayong mga peklat na taglay ko habang-buhay.

Kaya gusto kong tingnan itong bagay na pinaliit at pinalaki dahil ito ay may kinalaman sa atin. Sa Juan 14:2 sinabi ni Jesus, "Sa bahay ng aking Ama ay maraming silid. Kung hindi ito totoo, sasabihin ko ba sa inyong pupunta ako roon upang ipaghanda ko kayo ng inyong matitirhan." Minsan ay ipinakita sa akin ng Panginoon ang isang tahanan sa langit na nakikita mo ang loob. Para siyang salamin at wala itong mga partisyon. Maluwang siya at ibinigay ko ang buo kong atensyon dahil napakaganda nito. Napakasarap na isipin na ikaw ay titira doon nang pangwalang-hanggan.

Ngayon, gusto kong tingnan ang mga bagay na pinalalaki natin na dapat ay maliitin lang: mga damit na sinusuot natin, mga cell phones o computer natin, ang estado natin sa lipunan. Kung minsan ay binibigyan natin ang mga karaniwang mga bagay ng sobrang atensyon ngunit kung palalakihin lamang natin ang mga espiritwal na bagay makakamit natin ang mga resultang mananatili sa walang-hanggan.

Kaya nga, ano ang itinatayo natin sa langit? Tayo ba ay nagtatayo ng mansyon o tayo ba ay nagtatayo ng maliit na silungan? Kapag patuloy mong pinalalaki ang mga maling bagay na dapat ay minamaliit mo lang, baka ikaw ay nagtatayo lang ng silungan, hindi ng isang mansyon. At kapag iniilawan ng Diyos ang isang bagay sa ating buhay at kung atin lang mamaliitin ito at sasabihin, "Hindi naman mahalaga 'yan Panginoon, nand'yan na 'yan dati pa," tayo ay magtatayo ng silungan sa halip na mansyon.

Kung ano ang ating papalakihin o paliliitin ang s'yang magtatakda kung ano ang itinatayo natin para sa walang-hanggan at kung ano ang ating titirahan sa buong walang-hanggan. Dapat bigyan ng matamang pag-iisip ito.

Kapag inilalagay ng Diyos ang liwanag ng Kanyang Espiritu at nagsasalita ng, "Pinalalaki ko ang dapat na maalis," ito ay dahil sa mayroon siyang mas mabuti para sa atin upang ang daloy ng ilog ng Diyos ay makarating sa atin at tayo ay maging lubos na bahagi ng Kanyang gagawin.

Sinasabi ng Amos 9:13, "Sinabi rin ni Yahweh, "Darating ang panahon, mag-aararo ang mag-bubukid habang nag-aani pa ang manggagapas; at maghahasik na ng binhi ng ubas ang magsasaka habang gumagawa pa ng alak ang mag-aalak. Dadaloy sa mga bundok ang bagong alak, at masaganang aagos sa mga burol."

Magkakaroon ng pagbuhos ng Espiritu ng Diyos sa mga araw na ito; lubhang malaki ito na maging ang mga nag-aani ay mahihirapan sa kung ano ang nagaganap. Magkakaroon ng sapat na bilang ng mga nag-aani para sa aanihin. Ito ang dahilan kung bakit pinaliliwanag ng Diyos ang Kanyang ilaw sa mga bagay na nakatago sa ating mga puso upang tayo ay maging mga taga-ani.

Nais Niya na makadaloy tayo sa Espiritu upang tayo ay maging bahagi ng pinakadakilang revival na malalaman ng daigdig. Pwede tayong masiyahan na lang at magsabi, "Tama lang sa inyo na naniniwala sa ganyan, pero sa akin, nagawa ko na ang lahat ng makakaya ko.

Nagpapasalamat ako sa Diyos sa Kanyang tinig, nagpapasalamat ako sa pag-iiwan ng mga maliliit na pagpapala para sa akin, kontento na ako at ayaw ko nang nasain na mapagwagihan pa si Cristo at ang Kanyang buong plano sa aking buhay." Ngunit kailangan nating palakihin ang revival na darating na dadaloy sa lahat ng mga bansa at kailangan nating sabihin, "Panginoon, tulungan mo akong tumigil na palakihin ang mga pangkaraniwang sirkumstansya at paliitin ang sinasabi ng Diyos sa akin."

Kailangan nating buksan ang ating mga tainga upang makapagsimula tayong palakihin ang malaking revival, ang kilos ng Banal na Espiritu ng Diyos na kung saan ay pwede tayong dumaloy. Kailangan natin ng mga lalaki at babae, mga manggagawa at tagapag-ani na sinanay at handa.

Ngayon ang panahon ng paghahanda para mapalaki at hindi mapaliit! Huwag tayong masiyahan sa isang maliit na silungan sa langit samantalang pwede tayong maghanda para sa isang mansyon. Ang ating tulong ay manggagaling sa Panginoon, at kailangan nating palakihin 'yan. Amen, amen, amen.

*Si Rev. Daniel Gazaway ay pastor ng Faith Tabernacle sa Concord, New Hampshire at miembro ng lupon ng Zion Fellowship International. Siya ay nakapagturo na sa maraming mga Bible schools at mga leadership seminars sa buong daigdig.*

*Wala na sa Ilalim ng Kautusan Kundi*

# NASA ILALIM NG BIYAYA



**ni Norman Holmes**

Itinuro ni Apostol Pablo na mayroong malaking pagkakaiba sa pagitan ng pamumuhay sa ilalim ng kautusan ng Diyos at pamumuhay sa ilalim ng biyaya (kagandahang-loob) ng Diyos. Kung ang sinuman ay nabuhay bilang isang Judio sa ilalim ng Lumang Tipan, sila ay obligado na sumunod sa lahat ng mga kautusan ni Moises.

Ito ay kakaiba sa Cristiano na nabubuhay sa Bagong Tipan at nasa ilalim ng biyaya ng Diyos. Ngunit ano nga ba ang resulta ng pagkakaibang ito? Maraming mga opinyon tungkol dito na kung minsan ay nagsasalungatan sa isa't-isa. Ngunit kung tayo ay magiging matapat sa ating pagkakatawag at mabuhay bilang mga Cristiano sa Bagong Tipan, mahalaga na maunawaan natin ang paksa.

### Itinuro ni Jesus ang Pagkakaiba Tungkol sa Pagiging Nasa Ilalim ng Kautusan at Nasa Ilalim ng Biyaya

Itinuro ni Jesus sa Pangangaral sa Bundok ang malinaw na pagkakaiba sa pagitan ng pamumuhay nang isang nasa ilalim ng Lumang Tipan ni Moises at ang pamumuhay sa ialalim ng Bagong Tipan ng Biyaya. Ang Pangangaral sa Bundok, ang unang pangangaral sa Bagong Tipan, ay maaaring tawagin na "Ang Saligang Batas ng Cristianong Pananampalataya." Ito ay sapagkat sa unang pangangaral na ito sinimulan ni Jesus ang mensahe ng Bagong Tipan sa pamamagitan ng paglalagay ng solidong pundasyon tungkol sa kung ano dapat maging ang Cristianidad.

Sa mensaheng ito mabilis na ipinokus ni Cristo sa pagkakaiba sa pagitan ng Kanyang mga alagad na wala sa ilalim ng mga kautusan ni Moises sa Lumang Tipan kundi nangasa ilalim ng biyaya ng Bagong Tipan ni Cristo. Simula sa Mateo 5:21 hanggang sa dulo ng kabanata ipinakita Niya ito sa pamamagitan ng paghahambing ng anim na pagkakaiba sa pagitan ng mga tagasunod sa Kautusan ni Moises at sa mga susunod sa Bagong Tipan ng biyaya ni Cristo.

Sa unang paghahambing, sinabi ni Jesus na ang Kautusan ni Moises ay nag-uutos na "huwag kang papatay," at pagkatapos ay nagpatuloy na sabihin sa Kanyang mga tagasunod na hindi man lang sila dapat magalit o magsalita ng malupit sa isa't-isa. Sa ikalawang paghahambing, itinuro ni Cristo na ang iniutos ni Moises na "huwag kang mangangalunya" subalit pagkatapos ay sinabi Niya sa Kanyang mga alagad na kung tingnan man lang nila ang isang babae na may pagnanasa ay nagkasala na sila ng pangangalunya sa kanilang puso. Sa ikatlong paghahambing, na ang kautusan ni Moises ay nagbibigay katuwiran sa paghihiwalay sa pamamagitan ng kautusan. Subalit pagkatapos nang ihambing ni Cristo ang Kanyang pamantayan para sa mga alagad, ang sinoman ay hindi dapat makipaghiwalay maliban kung ang dahilan ay pangangalunya, at ang sinuman na magpakasal sa hiniwalayan ay nagkakasala ng pangangalunya! Sa bawat isa ng anim na larangan kung paano mabuhay nang may kaluguran sa Diyos, itinuro ni Cristo sa Kanyang mga tagasunod na dapat silang magkaroon nang mas mataas na pamantayan kaysa kung ano ang iniutos ni Moises at ng kautusan. Hindi sinabi ni Cristo na dapat nating balewalain o tanggihan ang mga matuwid na aral ng Lumang Tipan, kundi sa halip ay dapat nating tuparin ang mga ito: "Huwag ninyong akalaing naparito ako upang ipawalang-bisa ang Kautusan at ang mga Propeta. Naparito ako hindi upang ipawalang-bisa ang mga iyon kundi upang tuparin…Sinasabi ko

sa inyo, kung ang pagsunod ninyo sa kalooban ng Diyos ay tulad lamang ng pagsunod ng mga tagapagturo ng Kautusan at mga Pariseo, hinding-hindi kayo makakapasok sa kaharian ng langit… Kaya maging ganap kayo, gaya ng inyong Ama na nasa langit," Mateo 5:17, 20, 48.

Maraming guro ng Biblia ngayon ang nagsasabi - alin man sa kanilang mga pananalita o sa kanilang paraan ng pamumuhay - na ang Cristiano ay maaaring mabuhay nang may mababang pamantayan ng katuwiran, dahil ang biyaya ng Diyos ay napatawad na ang lahat ng ating mga kasalanan. Gayunman, hindi 'yon ang itinuro ni Jesus at kung tayo ay magiging mga matapat na tagasunod ni Cristo, hindi 'yon ang dapat nating ituro. Ang totoo, sa pareho ding seksyon na ito ng Pangangaral sa Bundok nagbabala si Jesus na y'ong mga nagtuturo ng Salita ng Diyos ay alin man sa dapat na dakilain o bigyan ng mas mababang lugar sa Kanyang walang-hanggang kaharian depende sa kung sila ba ay personal na nagturo at nabuhay nang matuwid: "Kaya't sinumang magpawalang-bisa sa kaliit-liitang bahagi nito, at magturo nang gayon sa mga tao, ay magiging pinakamababa sa kaharian ng langit. Ngunit ang sumusunod sa Kautusan at nagtuturo sa mga tao na tuparin iyon ay magiging dakila sa kaharian ng langit," Mateo 5:19-20.

**Ang Mensahe ni Pablo Tungkol sa Kagandahang-loob**

Si Apostol Pablo ang sumulat ng "kayo'y hindi na namumuhay sa ilalim ng kautusan kundi sa ilalim ng kagandahang-loob ng Diyos." Inulit niya ito nang makalawa sa Roma 6:14-15 kung saan natin mababasa, "Sapagkat hindi na dapat maghari sa inyo ang kasalanan, dahil kayo'y hindi na namumuhay sa ilalim ng kautusan kundi sa ilalim ng kagandahang-loob ng Diyos. Ngayon, malaya na ba tayong magkasala dahil hindi na tayo saklaw ng kautusan kundi ng kagandahang-loob ng Diyos? Hinding-hindi!"

Hindi itinuro ni Pablo na ang pagiging nasa ilalim ng biyaya ng Diyos ay nangangahulugan na pwede na tayong magpatuloy sa kasalanan, ang totoo, itinuro niya ang kabaligtaran nito. Isinulat niya sa Roma 6:1-2, "Ano ngayon ang sasabihin natin? Patuloy ba tayong magkakasala upang sumagana sa atin ang kagandahang-loob ng Diyos? Hinding-hindi! Tayo'y patay na sa kasalanan, paano pa tayo mamumuhay sa pagkakasala?" Itinuro ni Apostol Pablo na ang biyaya ng Diyos ay hindi upang tayo ay bigyan ng pahintulot na magpatuloy sa ating mga kasalanan, kundi upang bigyan tayo ng katagumpayan laban sa kapangyarihan ng kasalanan upang madaig natin ang kasalanang lagi nating nagagawa!"

Totoo na ang biyaya ng Diyos ay nagpapatawad ng ating mga kasalanan. Kung paanong itinuro ni Pablo sa Efeso 2:8-9, "Sapagkat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ang kaligtasang ito'y kaloob ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng inyong sarili; hindi ito bunga ng inyong mga gawa kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman." Ang sarili nating mabubuting gawa ay hindi makapagliligtas sa atin. Tanging ang mabuting ginawa lamang ni Cristo sa krus ang maaaring magligtas sa atin! Subalit pagkatapos ay nagpatuloy si Pablo na sinabi sa sumunod na talata na bagama't tayo ay hindi inililigtas ng ating mga mabuting gawa, tayo naman ay "nilikha sa pamamagitan ni Cristo Jesus upang iukol natin ang ating buhay sa paggawa ng mabuti."

Ang biyaya ng Diyos kapag inilapat sa atin ay nag-aalok ng kapatawaran ng ating makasalanang nakaraan sa pamamagitan ng gawain ng pagtubos ni Cristo sa krus. Subalit kapag tayo ay ipinanganak na muli, ang biyaya ng Diyos ay nagnanais na magsimulang gumawa sa ating kalooban, upang baguhin ang ating mga buhay ayon sa larawan ni Cristo. Ang katuwiran ni Cristo para sa atin ang nagiging bukas na pintuan upang ang katuwiran ni Cristo ay maitatatag sa ating kalooban sa pamamagitan ng nananahang kapangyarihan ng Banal na Espiritu! Kaya nga inaasahan ni Cristo ang higit na mataas na pamantayan ng katuwiran para sa Kanyang mga tagasunod kaysa kung ano ang hinihinging kailangan mula sa mga tagasunod ng kautusan ni Moises. Ang mga Judio sa Lumang Tipan ay hindi ipinanganak na muli at hindi nagtataglay ng nananahanang Espiritu sa kanila. Kaya nga wala sila ng kapangyarihan sa kalooban na ngayon ay

inilaan sa atin upang tulungan tayo na mabuhay nang may pagbabaong-anyo, at makadiyos na mga buhay.

Ang kwento tungkol sa isang Hapones na nakakilala kay Cristo ay nagsasalarawan kung paanong ang biyaya ng Diyos ay makagagawa sa ating kalooban upang matupad natin ang kautusan ng Diyos. Ang lalaking ito ay nabuhay sa isang kakila-kilabot na paraan ng pamumuhay, paulit-ulit na nilalabag ang 10 Kautusan at sa huli ay nabilanggo ng maraming taon. Doon ay narinig niya ang ebanghelyo at siya ay ipinanganak na muli.

Maraming taon ang lumipas, nang siya ay lumabas na mula sa bilangguan, ang kauna-unahan niyang kahilingan ay dalhin siya sa isang bahay-sambahan dahil hindi pa siya nakapasok kailanman sa isang Cristianong bahay-sambahan. Siya ay dinala sa isang malapit na bahay-sambahan ng mga Presbiteriano, at habang siya ay pumapasok sa santwaryo ay nakita niya ang isang malaking modelo ng 10 Utos ni Moises na nakasulat sa dalawang tapyas na bato. Habang binabasa niya ito ay napaluhod siya na nagsasabing, "Tingnan mo ang mga pangako ng Diyos! Hindi ako papatay! Hindi ako magkakasala ng pangangalunya! Hindi ako magnanakaw! Tingnan mo ang mga pangako Niya sa akin, isang makasalanang iniligtas sa biyaya!"

Hindi nakikita ng lalaking ito ang 10 Utos ng Diyos na dapat niyang sundin kundi tinitingnan niya ang mga ito bilang 10 Pangako na isinulat ng Diyos na may kapangyarihang makapagpabago ng kanyang puso! At ang mga pangako ding ito ay para sa bawat isa sa atin na nagsisikap na mamuhay at lumakad bilang mga Cristiano ng Bagong Tipan (tingnan Jeremias 31:31-34, 2 Corinto 3:3 at Hebreo 10:16).

## Ang Makabago Ngunit Hindi Balanseng mga Mensahe Tungkol sa Biyaya ng Diyos

Sinabi ni Judas sa simula ng kanyang liham na nadarama niya ang pangangailangan na balaan ang mga iglesia tungkol sa mga mga hindi maka-Diyos na mga lalaking gumagapang papasok sa mga iglesia at nagdadala ng kabulukan. Ang espisipikong sinisikap nilang gawin ay "binabaluktot nila ang aral tungkol sa biyaya (kagandahang-loob) ng Diyos upang mabigyang katuwiran ang kanilang kahalayan," Judas 1:4. Ang isa pang salin ng Biblia ay nagsasabing, "hindi maka-Diyos na mga tao ay lihim na nakapasok sa mga iglesia at nagsasabing ang biyaya ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng pahintulot na mabuhay sa kasalanan." Kung paanong nakita ni Judas ang pangangailangan ihudyat niya ang babala sa kanyang panahon tungkol sa mga taong ginagawang kabuktutan ang mensahe ng biyaya ng Diyos, marami rin ang nagbababala ngayon tungkol sa hindi balanseng mensahe ng "biyaya" na muli nanamang lumalaganap.

Ang mensaheng ito ay karaniwan nang nagtuturo na "hindi na kailangan ng mga Cristiano ang ipahayag ang kanilang mga kasalanan sa dahilang sa pamamagitan ng biyaya ng tinapos na gawa ni Cristo doon sa krus, ang lahat ng mga kasalanan ay napatawad na agad katatapos pa lang magawa nito. Wala nang pangangailangan pa kailanman na humingi ng kapatawaran."

Kapag sila ay tinanong tungkol sa maraming kasulatan na kumokontra sa kanilang mga aral, iba't-ibang mga dahilan na hindi ayon sa kasulatan ang kanilang ibinibigay. Isang halimbawa ay kung paanong ipinaliliwanag ang turo ni Apostol Juan sa 1 Juan 1:9 nang mali. Sinasabi nila na nang isulat ni Juan ang, "Subalit kung ipinapahayag natin sa Diyos ang ating mga kasalanan, maaasahan nating patatawarin tayo ng Diyos sa mga ito, at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasalanan, sapagkat siya'y tapat at matuwid," na hindi raw niya ito isinusulat sa mga Cristiano, at kung magkagayon ay hindi ito maaaring ilapat sa atin.

Gayunman, kapag binasa mo ang liham na ito, maliwanag na sumusulat si Juan sa mga mananampalataya – sinabi pa nga niya, "kung ipinapahayag natin sa Diyos ang ating mga kasalanan." Maliwanag na isinasama ni Juan ang kanyang sarili, na isang Cristiano, sa grupo ng mga dapat na magpahayag ng kanilang mga kasalanan!

Isa pang halimbawa na kung paano nila pinipilipit ang mga kasulatan ay kalimitan nilang tinatanggihan ang mga aral ni Cristo, katulad ng

mga binanggit sa Pangangaral sa Bundok. Sinasabi nila na dahil binigkas ni Cristo ang Kanyang mga aral bago pa ang sandali sa krus, ang Kanyang mga aral ay hindi para sa atin kundi para sa "Lumang Tipan." Anomang aral ay dapat na dagliang kilalanin bilang hindi balanse at mapanganib kung sinasabi nito na dapat nating balewalain ang mga aral ni Jesus bilang hindi naangkop para sa mga Cristiano – tayo na dapat ay mga tagasunod ni Cristo!

Dagdag pa dito, kung titingnan mo ang mga aral ni Cristo sa mga pitong iglesia sa Pahayag kabanatang dalawa at tatlo, makikita mo na ang mga mensahe Niya doon, na Kanyang sinalita kay Juan maraming taon pagkatapos ng krus, ay katulad din ng mensaheng na kanyang sinalita bago pa ang krus. Sa lima ng pitong mga iglesia ay sinabi ni Cristo sa kanila ang iba't-ibang mga kasalanan na dapat nilang pagsisihan. Ang mensahe na dapat ipahayag ng mga Cristiano ang kanilang mga kasalanan at humingi ng kapatawaran ay isang aral na nasa sentro ng doktrina ng Cristianong pananampalataya, katulad ng ipinapakita sa atin sa Ama Namin kung saan tayo ay tinuturuan na, "patawarin mo kami sa aming mga kasalanan…"

**Kailangan tayong maging maingat sa hindi balanseng doktrina ng "biyaya" na nagsusulong na "tama lamang ang lahat" para tayo ay makapagpatuloy sa pagkakasala o hindi tayo haharap sa mga bunga ng ating mga kasalanan humingi lang tayo ng kapatawaran o angkinin ang biyaya ng Diyos.**

Kahit sa mga naniniwalang dapat tayong humingi ng kapatawaran para sa mga kasalanang ating nagagawa, ang isa pang hindi balanseng aral na inaangkin ng iba ay kapag tayo daw ay humihingi ng kapatawaran, na ang lahat ay mabilis na "nalulunasan." Ito ay nagpapakita ng kawalan ng pang-unawa sa kaibahan ng pagpapatawad at pagpapanauli.

Kung tayo ay magkasala at tunay na hilingin sa Diyos na tayo ay patawarin, makatatanggap tayo ng dagliang kapatawaran mula sa Kanya. Gayonman, hindi automatikong naayos na nito ang lahat ng pinsala na nagawa ng ating kasalanan. Ang isang mamamatay-tao ay maaaring mapatawad sa kanyang nagawang krimen, ngunit hindi nito mabubuhay pang muli ang namatay na tao. Ang isang magnanakaw ay maaaring mapatawad, subalit hindi nito dagliang naisasauli ang salaping ninakaw. Maaaring dayain ng sinuman ang kanilang sarili at sabihin, "Pwede akong mangalunya at pagkatapos ay magsisi, at ang lahat ay magiging OK na muli." Marahil nga ay mapapatawad sila, subalit hindi nito maisasauli ang lahat ng sira na nagawa ng kanilang kasalanan. Ang kanilang isip at puso ay nadumihan ng kanilang kasalanan, at maaaring makipaglaban sila sa mga maling kaisipan o kahalayan sa mahabang panahon bago nila maisauli ang nasira sa kanilang kalooban. Ang relasyon nila sa kanilang asawa ay hindi parang mahika na naaayos na din. Maaaring kailanganin nila ang pagpapayo sa pagsasama sa mahabang panahon para kumpunihin ang nasira ng kasalanan na ito sa kanilang pagsasama.

Ang kanilang reputasyon sa iglesia ay maaaring lubhang nasira, at maging ang kanilang kalusugan ay maaaring nasira kung sila ay nahawa ng sakit na nakukuha sa pakikipagtalik. Ang pagpapatawad ay hindi pagpapanauli! Maraming tao ang humihiling na sila ay patawarin, gayonman kailangang pasimulan nila ang proseso na sa pamamagitan nito ay mapanauli ang kabuoan at maging isang taong maayos na makapaglilingkod sa Diyos at maglingkod sa iba.

Sa maraming pagkakataon ang proseso ng pagpapanauli ay napapadali sa pamamagitan ng pagdanas natin ng kahirapan na dinala ng ating mga kasalanan sa ating mga sarili, ating mga pamilya, at ating mga iglesia. Sa Gal. 6:7 ay mababasa natin, "Huwag ninyong akalaing madadaya ninyo

ang Diyos. Kung ano ang itinanim ng tao, iyon din ang kanyang aanihin." Kapag tayo umaani ng kaguluhan mula sa mga kasalanang itinanim natin, itinuturo nito ang kasamaan at kapangitan ng ating kasalanan, at ito ay tumutulong para dalhin tayo pasulong sa higit na malalim na paglilinis at pagpapanauli mula sa ating kasalanan.

Makikita natin ito na isinasalarawan sa buhay ni Jacob. Nang siya ay bata pa dinaya niya ang kanyang kapatid at ama ngunit siya ay nag-ani ng mas malaking ani ng sakit o pagdurusa nang siya ay dayain sa maraming taon ng kanyang biyenan na lalaki na si Laban, Genesis 29:25 at 31:41. Itong "pag-ani kung ano ang kanyang itinanim" ang naging dahilan para kamuhian niya ang sariling kasalanan ng pandaraya, at tumulong sa kanya upang magkaroon ng motibasyon na makipagtagpo sa Diyos upang mabago at mapanauli.

Naranasan din ito ni David dahil sa kanyang kasalanan ng pangangalunya kay Batsheba at ang pagpapapatay kay Urias. Nang sawayin ni propeta Nathan si David dahil sa kanyang kasalanan, agad siyang nagsisi at pinatawad ng Diyos, 2 Samuel 12:13. Ngunit sinabi din ng Panginoon na ang kanyang pangangalunya ay magbubunga ng maraming paghatol. Ang mga asawa ni David ay pagsasamantalahan sa mata ng publiko (2 Samuel 12:11-12, at si David ay aani ng mas mapait na ani dahil sa paggamit ng tabak laban kay Urias sa pamamagitan ng pagpapanatili ng tabak sa kanyang sariling tahanan, 2 Samuel 12:9-10.

Ang nag-iisang pangangalunya ni David ay nag-ani ng mapait na sampung mga pangangalunya (2 Samuel 16:22 at 20:3), at ang pagpatay niya sa isang tao ay nagbunga ng maraming kamatayan sa kanyang mga anak at digmaang-bayan sa kanyang kaharian! Ngunit ang mga masakit na bungang ito, ang pinaraming ani na galing sa kasalanang kanyang inihasik ay tumulong kay David patungo sa malalim na pagsisisi at paglilinis, Hebreo 12:10. Ito naman ang tumulong sa kanya na mapanauli sa lalong kadakilaan at ministeryo sa kanyang mga huling taon.

Kailangan nating maunawaan kung paano pinag-sasama-sama ng Diyos ang mga bagay na ito para sa ating ikabubuti upang kasalanan ay hindi lamang pinatawad kundi nilinis din mula sa ating mga buhay. Ito ay maaaring maghatid sa atin sa pagkapanauli mula sa mga pagkasira na dinala ng kasalanan sa ating mga buhay at mga pamilya upang lalo pa tayong maging mahusay na mga ministro ng pagpapanauli para sa iba. Kailangan tayong maging maingat sa hindi balanseng doktrina ng "biyaya" na nagsusulong na "tama lamang ang lahat" para tayo ay makapagpatuloy sa pagkakasala o hindi tayo haharap sa mga bunga ng ating mga kasalanan humingi lang tayo ng kapatawaran o angkinin ang biyaya ng Diyos.

Nagiging pangkaraniwan na na ang mga Cristiano at mga pastor na yumayakap sa mga hindi balanseng aral na ito ay unti-unti nang hindi nagiging interesado sa mga pulong-panalangin at sa paghahanap sa Diyos. Sa halip, ang mga bagay na katulad ng paglalasing, maruming salu-salo, pornograpiya, at imoralidad ang kanilang unti-unting niyayakap. Sa pamamagitan nito maraming mga iglesia ang patuloy na humihina at nasisira.


**Zion Christian University Distance Education Program**

***Ang Zion Christian University Distance Education Program (ZCUDEP)*** *na matatagpuan sa Antipolo, Philippines ay nakasanib sa Zion Christian University na ang punong tanggapan ay nasa Clearwater, Florida, United States.*

***ZCUDEP*** Pilipinas ay nagbibigay ng mga programa ng pag-aaral sa pamamagitan ng distansyang edukasyon sa mga mag-aaral sa Pilipinas at sa buong mundo maliban sa Hilaga, Gitna at Timog Amerika. Maaari kang magtungo sa website - **www.zionph.com/zcu** upang maunawaan ang pangangailangan sa pasukan at pamamaraan sa pagpasok.

Bilang balanse, mabuti rin na banggitin na maraming mga Cristiano ang nahihirapan sa konsyensya at nakadarama ng kondemnasyon ang nangangailangan ng higit na kapahayagan ng biyaya ng Diyos. Ang ilang mga mananampalataya ay nagdurusa mula sa isang legalistikong mentalidad na kailangang "gumawa lagi ng tama" na sila ay hindi mamahalin o patatawarin ng Diyos maliban na sila ay lalong maging banal. Ang mga ganitong Cristiano ay dapat maunawaan ang tunay na mensahe ng biyaya ng Diyos.

Gayunman, ang mas maliwanag na kapahayagan ng biyaya ng Diyos ay ay hindi makapagpapalaya sa kanila na magpatuloy sa kanilang mga kasalanan! Ito ay dahil sa kapag ang biyaya ng Diyos ay maayos na gumagawa sa isang buhay, babaguhin nito ang tao mula sa kaluwalhatian patungo sa kaluwalhatian upang maging kawangis ni Cristo. Isinalarawan ito ni Pablo nang kanyang ideklara – hindi sa legalistikong paraan, kundi sa paraang nakapagpapalaya – "Napako ako sa krus na kasama ni Cristo, gayunman ako ay nabubuhay. Ngunit hindi na ako ang nabubuhay kundi si Cristo na ang nabubuhay sa akin. Ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa pananampalataya ng Anak ng Diyos na Siyang umibig sa akin at nagbigay ng kaniyang sarili para sa akin." Galacia 2:20.

Nawa ay maipahayag ng bawat-isang guro ng Salita ng Diyos ang kapangyarihan ng biyaya ng Diyos! Ngunit dapat ito ay magawa nang may balanse sa pamamagitan ng pagtuturo na ang biyaya ay dapat munang gumawa para sa atin sa kapatawaran ng ating mga kasalanan at pagkatapos, ikalawa, ay dapat na gumawa sa kalooban natin upang mapalaya tayo mula sa kapangyarihan ng kasalanan. Ang dalawang gawaing ito ng biyaya ng Diyos ay paulit-ulit na itinuturo sa buong Bagong Tipan, at mahalaga para tayo ay matulungang dalhin sa Cristianong paglago.

Kung ipapangaral lamang natin ang unang bahagi ng kung ano ang kayang gawin ng biyaya para sa atin, ang ating mga tagasunod ay maaaring manatili na "mga espiritwal na sanggol" na nangangailangan ng magpapalit ng kanilang maruming lampin kung ituturo natin sa kanila ang mga sanggol ay palaging malinis na at laging ganuon ay maaaring maunawaan ang ating sinasabi na ang mga sanggol ay hindi na nangangailangan ng pagpapalit ng lampin kailanman! Oo, mahal at pinapatawad ng Diyos ang Kanyang mga anak kapag hinihiling natin ito sa Kanya pero nais din Niya tayong lumaki mula sa pagiging munting mga bata at pagiging "kabataang lalaki" na malakas at ang salita ng Diyos ay nananahan sa atin, at mapagtagumpayan ang diablo, 1 Juan 2:14.

Kung ituturo lang naman natin ang pangalawang bahagi ng kung ano ang magagawa ng biyaya ng Diyos sa ating buhay, maaari namang pakondena nating pilitin ang ating mga tagasunod sa isang mataas ng pamantayan na hindi nila kayang maabot dahil hindi nila naiintindihan kung paano sila pinatawad at binigyan ng kalikasan ni Cristo sa kalooban nila upang tulungan silang mapagtagumpayan ang kasalanan. Ito ay maaaring makabuo ng mga legalistikong Cristiano na nakagapos sa konsepto na "hindi sapat ang kabutihan nila" para tumanggap ng pag-ibig at biyaya ng Diyos na dapat magbigay sa kanila ng kapangyarihang magpatuloy sa espiritwal na paglago. Ang ganitong kawalan ng balanse ay hindi rin magbubunga ng matagumpay na Cristiano!

Nawa ang bawat isa sa atin na tinawag ng Diyos na magturo ng Kasulatan ay matuto kung paano unawain at ituro ang Salita ng Diyos. Kung magkagayon, makatutulong tayong bumuo ng isang matagumpay na Iglesia sa mga huling araw, at maging mga guro na mapapabilang sa mga dakila sa kaharian ng Diyos!

*Si Rev. Norman Holmes ay Direktor ng Zion Ministries of the Philippines. Siya ay nakasulat na ng anim na aklat na nailimbag na sa higit 25 mga lenguahe. Siya ay nangunguna rin sa ilang mga paaralan ng Biblia sa mga bansa ng ASEAN, at naglalakbay sa buong Pilipinas at maraming mga bansa na nagdaraos ng mga seminar at nagpapalakas ng mga Cristianong tagapanguna.*

# Ang Pinakadakilang MAMUMUTOL NG Diamante



**ni Audrey Bailey**

Maraming taon na ang nakalipas ay natagpuan sa Premier Mine sa South Africa ang pinaka kahanga-hangang diamante sa kasaysayan ng mundo. Ito ay inihandog sa Hari ng Inglatera upang kuminang sa kanyang korona. Ipinadala ito ng hari sa Amsterdam para ito ay kortehan. Ito ay inilagay sa mga kamay ng isang dalubhasang mamumutol ng diamante. At ano sa akala n'yo ang ginawa niya dito?

Ang tao na pinagkatiwaalaan nito ay isa sa pinakamahusay na mamumutol ng diamante sa buong mundo. Kinuha niya ang walang kasinghalagang bato at gumawa ng tuwid na ukit doon, at pagkatapos ay pinukpok ito ng malakas ng kanyang kagamitan at ang mahalagang hiyas ay nabiyak sa kanyang kamay. Ang ilan ay magsasabing, "anong kawalang-ingat!" Ano't sinayang lamang ito! Walang katulad sa kawalang-ingat! Hindi po. Sa loob ng maraming araw at mga linggo ang pagpukpok na 'yon ay pinag-aralan at pinlano. Maraming pagguhit at mga modelo ang ginawa para sa batong ito. Ang kanyang kalidad, mga depekto, at mga linya ng ukit ay pinag-aralang lahat nang may dakilang pag-iingat.

Sinasabi mo ba na ang pagpukpok na 'yon ay isang malaking pagkakamali? Hindi. Ito ang pinaka rurok ng kahusayan ng mamumutol ng diamante na ito. Nang pukpukin niya ito, ginawa niya ang isang bagay na magdadala sa batong ito sa ganap na hugis, kaningningan, at kaluwalhatian ng isang hiyas. Ang pukpok na tila sumira sa napakagandang mamahaling bato, sa totoo lamang ay, ang kanyang ganap na katubusan.

Mula sa dalawang piraso ay nagmula ang dalawang kahanga-hangang hiyas na nakita ng mahusay na mata ng mamumutol ng diamante na nakatago sa magaspang at hindi pa napuputol na bato na mula sa minahan.

Minsan ay hinahayaan ng Diyos ang masakit na hampas na dumating sa ating buhay. Ang iyong kaluluwa ay umiiyak sa sakit dahil ang hampas na 'yon ay parang isang kakila-kilabot na pagkakamali. Subalit hindi, dahil para sa Diyos, ikaw ang pinakawalang kasinghalagang hiyas sa mundo at Siya ang pinakamahusay na mamumutol ng diamante sa buong sansinukob.

Pagdating ng araw, ikaw ay magniningning sa korona ng Hari. Alam Niya kung paano ka pakikitunguhan ngayon habang ikaw ay nasa anyang kamay. Walang isa mang hampas ang papayagang tumama sa iyong nanlulupaypay na kaluluwa na hindi ipinahintulot ng pag-ibig ng Diyos, at gumagawa ng pagpapala at espiritwal na pag-unlad na hindi mo pa nakikita o natatagpuan. "Alam na ng iyong Ama..." (Mateo 6:32). Nalalaman nga ng Diyos, Siya ang iyong Panginoon at Ama!

Ang Isaias 33:23 ay nagsasabi, "...ang pilay ay kumuha ng huli." Ito ay sumasalungat sa batas ng digmaan. Ang darating na pagdalaw ni Jesus ay magiging napaka maluwalhati na kahit yung mga parang pilay o bagbag ay makikiisa sa Kanyang tagumpay. Kahit na tayo ay dinadala ng Diyos sa mga pangyayari at maramdaman natin na tayo ay parang sinira ng ating karanasan, ay gagawin ng Diyos na tagumpay ang pagkatalo o kabiguan.

Posible din na piliin natin na maging kapos sa kung ano ang nilayon ng Diyos na tayo ay maging. Maaari nating piliin na magpasakop sa kanyang mga pakikitungo o kunin na lamang ang pangalawa sa pinakamahusay. Ang ating bahagi ay magbigay-daan sa Diyos. Ito ay lubhang mahalaga sa ating pagpapatuloy sa Kanya. Ang paghihimagsik o paglaban ang sisira sa mahalagang gawain ng pagsasaayos ng Diyos sa ating mga buhay. Kapag pinili natin ang pangalawa lamang sa pinakamahusay, ay hindi magagawa ng Diyos ang gawaing Kanyang pinlano sa "magaspang na diamante" na siyang ating buhay.

Sa araw na ito ay tinatawag tayo ng Diyos na magbigay-daan sa Kanyang mga layunin at pakikitungo sa ating buhay upang gawin Niya tayo na sisidlan ng karangalan, isang mahalagang diamante na kinortehan sa korona ng Hari.

*Si Audrey Bailey (1924-1994), ang asawang babae ni Brian Bailey. Siya ay kasamang naglingkod ng kanyang asawa sa loob ng halos 30 taon, nangangaral sa buong mundo.*